

**Mga Serye sa Pag-aalaga ng Nakatatanda
Komunikasyon Kasama Ang
Nakatandang Mga Tao na May Dementia**

Ang pelikula ay kapwa ginawa ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran
ng Panlipunang Kapakanan bilang materyal na sanggunian para sa
Iskema ng Pagsasanay para sa mga Katulong sa Bahay ukol sa Pangangalaga ng Matatanda.
Ang copyright ng mga nilalaman sa pelikulang ito ay pagmamay-ari ng Kagawaran
ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan.
Ang pelikula ay ginawa lamang para sa hindi-pangkomersyal na gamit.
Ito ay hindi maaaring pauupahan,
ibebenta o kung hindi man gagamitin para sa mga layuning kumikita.

Mary, ang aking kaibigan na si Gng. Chan ay darating
Mangyaring maghanda ng ilang prutas
magpakulo ng isang palayok na tsaa
at linisin ang lugar
Sigurado, Madam

Komusta Gng. Chan. Komusta Annie
Mary, Gng. Cheung

Sina Gng. Chan at Gng. Cheung ay nagta-chat.

Saan ang aking relos?
Nasa silid

Sina Gng. Chan at Gng. Cheung ay nagta-chat.

Saan ang aking relos?
Ito ay nasa silid

Sina Gng. Chan at Gng. Cheung ay nagta-chat.

Saan ang aking relos?
Sinabi ko na ito ay nasa silid!
Madam, mangyaring huwag magagalit
Sir, ang relos ay nasa silid

Mayroon siyang dementia
at lubhang lumalala ang kanyang pag-iisip
Hindi madali para sa akin na makipag-usap sa kanya ngayon
Huwag kang magmadali. Dapat maging mas matiyaga tayo
Magpahinga at mag-tsaa ka muna

Walang alalahanin. Magpahinga
Annie, alam mo ba kung paano kong maalagaan ng mas mabuti si Sir?
Natandaan mo pa ba ang pangunahing mga punto ng tagapagturo
tungkol sa pakikipag-usap sa nakatatandang mga tao na may dementia?

Minsan, kapag tayo ay nagsasalita ng sobrang mabilis o ng mataas na katinisan
madali itong maging sanhi ng hindi pagka-unawaan
Maaaring pakiramdam nila na sila ay pinagalitan
At saka, ang sobrang impormasyon at hindi kailangang mga galaw ay maaaring sila ay
maliligaw o maguguluhan
Ay tama! Tinuruan din kami ng tagapagturo na bigyan ng higit na pansin ang kapaligiran sa
aming paligid

Una, kailangan naming tulungan ang nakatatandang mga tao na mas malinaw na
makakarinig
Ilang mga salik na pangkapaligiran ay maaaring makakaapekto sa komunikasyon
Halimbawa, ang nakatatandang mga tao ay madaling maguguluhan kapag sobrang maingay
Patayin ang radyo o TV kung kinakailangan
Maaari din natin hikayatin ang nakatatandang mga tao na may kapansanan sa pandinig na
gumamit ng hearing aid
Magsalita nang mahina. Huwag silang sigawan
at subukang hindi itaas ang inyong boses o katinisan
Ang mga kasanayang ito ay makatutulong sa kanila na makakarinig nang mas malinaw

Okey, kailangan natin magbago
Panahon na para mag-follow-up sa pagkokonsulta

Minsan maaaring makalimutan natin na magharapan sa nakatatandang mga tao kapag tayo
ay abalang-abala sa mga gawain sa bahay
Subukang makipagtinginan

Magpunta ba tayo sa follow-up ngayong araw?
Hayaan mong buksan ko ang mga ilaw at basahing malinaw

Ang kapwa pagpapahayag at galaw ng katawan ay mahalaga sa komunikasyon
Siguraduhing may sapat na ilaw para sa nakatatandang mga tao
upang makikitang malinaw ang ekspresyon ng inyong mukha at mga galaw
At saka, magtanong lamang ng isang tanong nang paisa-isa
Mas mabuti kung magbibigay ng mga pagpipilian
Halimbawa, sa halip na magtanong na "aling kapa ang gusto mong isusuot?"
Maaari kang magtanong

Gusto mo bang isusuot ang pula o ang berdeng kapa?
Itong isa

Remember to be concise and clear
with only one message at a time
These help us express more effectively
For example, do not just say "put on the clothes", instead you can say

Sir, put in your left arm first
and then the right arm

Be aware of your facial expression and body gestures
Nodding and smiling can encourage the elderly persons

Tandaan na maging maikli at malinaw
sa isang mensahe lamang na paisa-isa
Ito ay makatutulong sa atin na mas epektibong magpahayag
Halimbawa, huwag lamang sabihin na “isuot mo ang damit”, sa halip maaari mong sabihin

Sir, ipasok mong una ang inyong kaliwang bisig
at saka ang kanang bisig
Magkaroon ng kamalayan sa ekspresyon ng inyong mukha at mga galaw ng katawan
Ang pagtango at pagngingiti ay makahikayat sa nakatatandang mga tao

Nakalimutan ko na ulit kung saan tayo pupunta
Pupunta tayo sa ospital para sa follow-up na pagkokonsulta
Naubos na ang inyong mga gamot

Kung kailangan, maaari tayong gagamit ng tunay na mga bagay upang tulungan silang
makakaintindi

huwag magsalita ng sobrang mabilis
at ulitin ito kapag kailangan
upang payagan silang malinaw na makakarinig
Huli ngunit hindi pinakahuli, tandaan na maging mapagpasensya
Huwag magmamadali
Bigyan sila ng sapat na oras na ipahayag ang kanilang sarili
Mayroon pang ibang mga video sa pag-aalaga ng nakatatanda
sa mga website ng Kagawaran ng Kalusugan at ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan
Panoorin natin na magkakasama at gawin nating pamilyar ang ating mga sarili sa kung ano
ang ating natutunan!

Pagtatatuwa

Ang mga kasanayan sa pelikulang ito ay nagsisilbe bilang
kalahatang sanggunian at para sa mga layuning pang-edukasyon.
Ito ay maaaring hindi naaangkop sa lahat
na nakatatandang mga tao sa ilalim ng bawat kalagayan.
Mangyaring kumonsulta sa mga propesyonal na tagapag-alaga
ng kalusugan sakaling nagdadalawang-isip sa pagkakaangkop
ng mga kasanayan sa ilalim ng tiyak na mga kalagayan.

Kagawaran ng Kalusugan
Website ng Serbisyo sa Kalusugan ng Nakatatanda
www.elderly.gov.hk

Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan
Iskema ng Pagsasanay para sa mga Katulong
sa Bahay ukol sa Pangangalaga ng Matatanda

www.swd.gov.hk/en/index/site_pubsvc/page_elderly/sub_psfdh/